



مُؤَسَّسَةُ عَبْدِ الْعَزِيزِ بْنِ بَازٍ الْحَمِيرِيَّةُ
سلسلة مؤلفات ورسائل سماحة الشيخ / عبد العزيز بن باز رحمه الله رقم (١٦)

ANG
MGA
MAHAHALAGANG
ARALIN
PARA SA
MUSLIM UMMAH

Sheikh Abdul Aziz Bin Abdullah Bin Baz

Reviewed & Edited Dr. Salah As Saleh

Translated into English by Khalid A. Al Awadh

Translated into Tagalog by Ahmad Jibril Salas

Islamic Studies Call & Guidance of the Philippines

الدُّعْوَى إِلَى الْمَهْمَةِ الْعَامَّةِ الْأُمِّيَّةِ

باللغة الضليبية

لسماحة الشيخ

عَبْدُ الْعَزِيزِ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ بَازٍ

رحمه الله

طبع على نفقة الشيخ

عليه بر عبد الرحمن الرشيد

وفقه الله وغفر له ولوالديه وذريته والمسلمين

ANG MGA MAHAHALAGANG ARALIN PARA SA MUSLIM UMMAH

Sheikh Abdul Aziz Bin Abdullah Bin Baz
Reviewed & Edited by Dr Saleh As-Saleh
Translated into English by Khalid A. Al Awadh

Translated into Tagalog by Ahmad Jibril Salas
Islamic Studies, Call & Guidance of the
Philippines

بسم الله الرحمن الرحيم

Lahat ng Papuri ay nauukol lamang kay Allah, pinupuri natin Siya at hinihingan ng tulong at kapatawaran. Tayo ay nagpapakupkop kay Allah, ang Kataas-taasan, mula sa mga kasamaan ng ating mga sarili at mula sa ating mga masamang gawa. Sinuman ang pinatnubayan ng Allah, walang sinuman ang makapagliligaw sa kanya; at sinuman ang hindi pinatnubyan ng Allah, walang sinuman ang makapagbibigay patnubay sa kanya. Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na nararapat sambahin maliban sa Allah lamang. Sumasaksi rin ako na si Muhammad ay Kanyang Alipin at Sugo. Nawa'y ipagkaloob ng Allah ang Kanyang kapayapaan at pagpapala sa Kanyang Huling Propetang si Muhammad, sa kanyang mabuting angkan at sa kanyang mga matutuwid na Kasamahan (Sahaba).

"O mga sumsampalataya, matakot kayo kay Allah (sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga batas at pagtalikod sa lahat ng Kanyang ipinagbabawal) katulad ng pagkatakot na nararapat sa Kanya; at huwag mamatay maliban sa kalagayang Islam (bilang Muslim

na ganap na sumusuko sa kalooban ng Allah). " (Qur'an 3:102)

"O sangkatauhan, matakot kayo sa inyong Panginoon (Allah) na lumikha sa inyo mula iisang tao (Adan) at mula rito (Adan), Kanyang nilikha ang asawa nito; at mula sa dalawang ito (Adan at Eba), nilikha Niya ang maraming lalaki at babae. At matakot kayo kay Allah na siyang hinihingan ninyo [ng karapatan ng isa't isa sa] at [huwag putulin ang ugnayan ng] sinapupunan (kamag-anakan); tunay na si Allah ay laging nakamasid sa inyo." (Qur'an 4:1)

"O sangkatauhan, matakot kayo kay Allah at sabihin (tuwina) ang katotohanan. Papatnubayan Niya kayo sa mga mabubuting gawa at patatawarin Niya kayo sa inyong mga kasalanan. At ang sinumang sumunod kay Allah at sa Kanyang Sugo, tunay na kanya nang natamo ang dakilang tagumpay." (Qur'an 33:70-71)

Alamin, na ang pinakamakatatotohanang salita ay ang Aklat ng Allah (Ang Banal na Qur'an) at ang pinakamabuting patnubay ay ang patnubay ni Muhammad (sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan). Ang pinakamasama sa lahat ay ang

mga gawa-gawa (na lihis sa tunay na aral ng Islam) at ang bawat gawa-gawa (na mga bagay tungkol sa relihiyon) ay *bid'ah* at ang bawat *bid'ah* ay pagkakaligaw at ang bawat pagkaligaw ay Impiyerno ang hantungan.

Ito ay isang panimulang aklat para sa bawat Muslim. Ito ang buod ng pangunahing paniniwala at mga gawang pagsamba. Tayo ay dumalangin sa Allah sa pamamagitan ng Kanyang mga Banal na Pangalan at Katangian na nawa'y tanggapin ang munting gawaing ito para sa kabutihan ng mga bumabasa at nagpapalaganap nito.

Khalid Al Awadh

at

Dr. Saleh As-Saleh.

24/2/1413

8/12/1993

'SAS: Sallallahu Alayhi was Salam (Sumakanya Nawa ang Pagpapala at Kapayapaan ni Allah)
SW: Subhanahu Wa Ta'Ala (Luwalhati sa Kanya, ang Kataas-taasan)
AS: Alayhis Salam (Sumakanya ang Kapayapaan)
RA: Radiyallahu Anhu [o Anha] (Malugod sa kanya si Allah)
Hadith: Mga Salita, Gawa at Aral ni Propeta Muhammad (SAS). Ang mga Hadith ay tinipon ng mga kinikilalang iskolar katulad nina Al-Bukhari, Muslim, Ahmad, an-Nasaa'ee, At-Tirmidhi, Abu Dawud, Ibn Majah at iba pa.

UNANG ARALIN

Ang pagsasaulo ng panimulang *surah* (kabanata) ng Banal na Qur'an, ang Al-Fatiha, at ng ilang maiikling talata at *surah* mula sa *surah* bilang 99 (Az-Zalzalah) hanggang sa *surah* bilang 114 (An-Naas). Ang bawat Muslim ay nararapat na magsikap na maisaulo, mabigkas at maunawaan ang mga talata o *surah* mula sa Banal na Qur'an.

IKALAWANG ARALIN

Ang pag-unawa ng kahulugan at mga kondisyon ng pagpapahayag ng *Ash-shahadatan* na: walang ibang tunay na diyos maliban kay Allah at si Muhammad (SAK) ay Sugo ni Allah. Ang pariralang "walang ibang tunay na diyos" ay nagsasaad ng ganap na pagtalikod sa sinuman at anumang bagay na sinasamba maliban kay Allah. Ang pariralang "maliban kay Allah" ay nagpapatunay na ang lahat ng uri at pamamaraan ng pagsamba, pagsuko, pagsunod at pagluwalhati ay kailangang iukol sa natanging isang tunay na Diyos, si Allah, at hindi Siya gagawan ng mga katambal o kasama sa pagiging Diyos. Ang mga kondisyon na kinakailangan upang maisakatuparan ang tunay na kahulugan ng *As-Shahadatan* ay ang mga sumusunod:

1. Ang kaalaman tungkol sa kahulugan nito,
2. Ang katiyakan tungkol sa kahulugan nito na siyang pumapawi sa maraming pag-aalinlangan at pagdududa,
3. Ang katapatan ng kalooban na siyang nagbibigay daan upang maging malinis sa shirk ang isang nito,
4. Ang katapatan na siyang kabaligtaran ng pagkukunwari,
5. Ang pagmamahal at ang pagsunod sa ipinapahayag ng *As-Shahadatan* na siyang daan upang mawala ang pag-aagam-agam sa ipinahihiwatig nito,
6. Ang pagtalima: pagsagawa sa kung ano ang itinakda ni Allah tungkol sa pamamaraan ng Pagsamba,
7. Ang pagtanggap sa pamamagitan ng pagsunod sa Allah na Siyang kahulugan ng pagpapahayag, at
8. Ang pagtalikod sa anumang bagay o sa numan na sinasamba maliban kay Allah.

TLONG ARALIN

Ang anim (6) na pangunahing haligi ng ananampalataya ay ang mga sumusunod:

1. Ang paniniwala sa Kaisahan ng Allah
2. Ang paniniwala sa Kanyang mga Anghel

3. Ang paniniwala sa Kanyang mga Propeta at Sugo.

4. Ang paniniwala sa Kanyang mga banal na kasulatan (batay sa orihinal na kapahayagan),

5. Ang paniniwala sa Araw ng Paghuhukom, at

6. Ang paniniwala sa *qada'* at *qadar* (ang kapalarang itinadhana at itinakda ni Allah, maging ito ay mabuti o masama) na itinakda Niya ang sukat, itinadhana ayon sa Kanyang kaalaman at itinuring na naaayon sa Kanyang karunungan.

IKAAPAT NA ARALIN

Ang **Tawhid** (paniniwala sa ganap na kaisahan ni Allah) ay nahahati sa tatlong aspeto:

1. Ang paniniwala sa kaisahan ni Allah bilang isang Natatanging Tagapaglikha, Tagapanatili, Tagapangalaga at iba pa. Ang paniniwalang ito ay tinatawag ng *Tawhid Ar-Ruboobiyah*.

2. Ang pagkilala na si Allah lamang ang Tanging Isang Tunay na Diyos na nararapat sambahin kaya't iiwaksi ang mga pagsamba sa anumang nilikha o bagay. Ang paniniwalang ito ay tinatawag na *Tawhid Al-Uloohiyah (Tawhid Al-Ibadah)*.

3. Ang paniniwala sa kaisahan ng mga Pangalan at Banal na Katangian ni Allah. Ang paniniwalang ito ay tinatawag na *Tawhid Al-Asmaa' was Sifat*.

• Tungkol naman sa *Shirk* (pag-uugnay ng anumang bagay o ninuman sa pagsamba sa Allah), ito ay nahahati sa tatlong uri:

1. Ang Mataas na *Shirk* (*Ash-Shirk Al-Akbar*) na hindi patatawarin ni Allah. Ang sabi ni Allah sa Banal na Quran hinggil:

"Ngunit kung sila ay nag-uugnay ng iba pa (sa pagsamba kay Allah), ang lahat ng kanilang ginagawa noon ay nawalan ng ibubungang mabuti sa kanila." (Quran 6:88)

"Hindi nararapat sa mga Mushrik (sumasamba sa mga diyus-diyusan, pagano at hindi naniniwala sa kaisahan ni Allah) na mangalaga ng mga masjid ni Allah (upang manalangin at sumamba sa Kanya rito, magpanatili sa kalinisan at katatagan ng mga gusali ng mga ito) samantalang sila ay saksi laban sa kanilang sarili sa kanilang kawalan ng pananampalataya. Nawalan na ng ibubungang mabuti ang kanilang mga gawa at ang impiyerno ang siya nilang tatahanan magpakailan man." (Quran 9:17)

Ang sinumang nag-uugnay ng iba kay Allah at namatay sa ganitong uri ng *shirk* ay hindi mapapatawad ng Allah at ang *Jannah* (Paraiso)

ay ipagkakait sa kanya sapagkat ang Allah, Ang Makapangyarihan at Dakila ay nagsabi:

"Tunay na hindi patatawarin ni Allah na Siya ay tambalan (sa pagsamaba) ngunit igagawad Niya ang Kanyang kapatawaran anumang (kasalanan) maliban pa roon sa kaninumang naisin Niya." (Quran 4:48)

"Tunay na ang sinumang magtambal kay Allah (sa pagsamba), ang Jannah (Paraiso) ay ipagkakait ni Allah sa kanya." (Quran 5:72)

Ang paghingi ng tulong mula sa mga patay o mga imahen, pag-aalay at paggawa ng panata sa mga ito ay mga halimbawa ng ganitong uri ng *shirk*.

2. Ang Mababang *Shirk* (*Ash-Shirk Al-Asghar*) na nababanggit sa Banal na Quran at sa Hadith ni Propeta Muhammad (SAS) ngunit hindi ito katulad ng *Ash-Shirk Al-Akbar*. Ang *riya'* (pakitang-tao) at ang panunumpa sa iba maliban sa Allah ay mga halimbawa ng ganitong uri ng *shirk*. Si Propeta Muhammad (SAS) ay nagsabi: **"Ang aking higit na pinangangambahan sa inyo ay ang *Ash-Shirk Al-Asghar*."** Nang siya ay tanungin kung ano ito, siya ay nagsabi: **"Ang *riya'*."** Siya ay nagsabi rin: **"Ang sinumang manumpa sa anumang bagay maliban kay**

Allah ay nagkasala ng Ash-Shirk Al-Asghar." Si Propeta Muhammad (SAS) ay nagbigay-babala: "Huwag sabihing: 'Niloob ni Allah at ng taong iyon' bagkus sabihing: 'kung niloob ni Allah at pagkatapos ng taong na iyon.'" Ang uring ito ng *shirk* ay hindi naman nangangahulugan ng pagtalikod sa Islam o pananatili ng walang hanggan sa Impiyerno. Ito ay nagsasaad lamang ng kakulangan ng pananampalataya kay Allah.

3. Ang Nakukubling *Shirk* (*Ash-Shirk Al-Khafee*) na ganito ang pagkapaliwanag ni Propeta Muhammad (SAS):

"Nais ba ninyong sabihin ko ang higit kong pinangangambahan kaysa sa pangamba ko sa Anti-Kristo?" Sila ay nagsabi: "Opo, O Sugo ng Allah." At siya ay nagsabi: "Ang nakukubling *shirk* na ang halimbawa nito ay ang isang taong pinagaganda ang paraan ng kanyang pagsasagawa ng salah dahil may isang taong nakatingin sa kanya."

Sa madaling salita, ang *shirk* ay maaaring hatiin sa dalawang uri: ang Mataas na *Shirk* at ang Mababang *Shirk*. Sa kaso ng Nakukubling *Shirk*, kapwa saklaw nito ang Mataas at Mababang *Shirk* depende na lamang sa

kasalanang nagawa. Ang Nakukubling *Shirk* ay maaaring maging Mataas na ur ng *shirk* kung ito ay katulad ng *shirk* ng mga mapagkunwari na kinukubli ang kanilang maling pananampalataya samantalang ipinakikita nila ang Islam ng dahil lamang sa kanilang takot. Ang Nakukubling *Shirk* ay maaaring maging Mababang uri lamang ng *shirk* kung ito ay katulad ng *riya'*.

IKALIMANG ARALIN

Ang limang haligi ng Islam ay:

1. Ang *Ash-shahadatan*: ang pagpapahayag o pagsaksi na walang dapat sambahin maliban kay Allah at si Muhammad ay Kanyang Sugo,
2. Ang pagsasagawa ng salah (limang beses araw-araw),
3. Ang pagbibigay ng *zakah*,
4. Ang pagsasagawa ng pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan, at
5. Ang pagsasagawa ng *hajj* (kung may sapat na kakayahan).

IIKA-ANIM NA ARALIN

Ang siyam na kondisyon sa pagsasagawa ng salah ay ang mga sumusunod:

1. Islam (ang pagiging Muslim),
2. Sapat na pag-iisip,
3. Tamang gulang,
4. Pagsasagawa ng *wudu*,
5. Kalinisan (ng katawan, damit at lugar na pagsasagawan ng *salah*),
6. Maayos na pananamit,
7. Pagkakaroon ng niyyah (hangaring magsasagawa ng salah)
8. Pagharap sa qibla (direksiyon ng Makkah), at
9. Pagsasagawa sa takdang oras.

IKAPITONG ARALIN

Ang labing-apat na pangunahing sangkap (*arkan*) ng *salah* ay:

1. Pagtayo (kung makakaya),
2. Pagsasabi ng *takbiratul ihram* (pagsabi ng kauna-unahang *allahu akbar*),
3. Pagbigkas ng unang *surah* ng Banal na Quran (*Al-Fatiha*),
4. *Ruku* o pagyukod ng ulo at likod sa angulong may sukat na 90 *degrees*,
5. Pagbalik sa pagkakatayo ng tuwid,

6. *Sujud* o pagpapatirapa sa lapag (sahig o lupa), na ang dalawang kamay, dulo ng paa at ang nuoyo nakadiit dito,
7. Paangat mula sa pagkakatirapa upang maupo,
8. Maikling pamamahinga habang nakaupo,
9. Kapanatagan sa lahat ng kilos,
10. Pagsasagawa ng mga pangunahing sangkap ng *salah* ayon sa pagkasunod-sunod,
11. Pagbigkas ng huling *tashahud* (ikalawang bahagi),
13. Pag-upo para sa huling *tashahud*,
14. Pananalangin para kay Propeta Muhammad (SAS) at paglingon ng mukha sa kanan at sa kaliwa habang kapwa sinasabi ang **assalamu alaykum wa rahmatullah**.

IKAWALONG ARALIN

Ang walong bagay na kailangang isagawa sa salah:

1. Ang mga pagsabi ng *allahu akbar* maliban sa (*takbiratul ihram*),
2. Ang pagsambit ng **sami allahu liman hamidah** (Dinidinig ni Allah ang sinumang pumupuri sa Kanya) ng Imam at maging ng mga nagdarasal nang mag-isa,

3. Ang pagsabi ng **rabbana wa lakal hamd** (Panginoon namin, ang pagpupuri ay nauukol sa Iyo) ng *imam* at ng bawat isa,
4. Ang pagsabi ng **subhana rabbiyal adheem** (Luwalhati sa aking Panginoon, Ang Dakila) habang nasa posisyong *ruku*,
5. Ang pagsabi ng **subhana rabbiyal a'la** (Luwalhati sa aking Panginoon, Ang Kataas-taasan) habang nasa posisyong *sujud*,
6. Ang pagsabi ng **rabbighfir li** (O aking Panginoon, patawarin Mo po ako) sa pagitan ng dalawang *sujud*,
7. Ang unang bahagi ng *tashahud* (*at-tashahhud al-awwal*), at
8. Ang pag-upo para rito.

IKASIYAM NA ARALIN

Alamin ang nilalaman ng *at-tashahud*:

Unang Bahagi: Attahiyyato lillahi wassalawatu wattayyibat, Assalamu alayka ayyuha annabiyu wa rahmatullahi wa barakatuh, Assalamu alayna wa 'ala ibadillahis salihin, Ashadu an la ilaha illa Allah, wa ashadu anna Muhammadan abduhu wa rasulullah.

Ang salin ng kahulugan sa Tagalog:

Lahat ng pagbati, dasal, at mabuting bagay ay nauukol kay Allah lamang. Sumaiyo nawa, O Propeta, ang kapayapaan at ang pagpapala at ang awa ni Allah. Nawa'y mapasaamin ang kapayapaan at sa mga mabubuting lingkod ni Allah. Ako ay sumasaksi na walang diyos na dapat sambahin maliban kay Allah. At ako ay sumasaksi rin na si Muhammad ay Sugo ni Allah.

Huling Bahagi: Allahumma salli `ala Muhammadin wa `ala aali Muhammad, kama sallayta `ala Ibrahima wa ala aali Ibrahima innaka hameedum majeed. Allahuma barik ala Muhammadin wa `ala aali Muhammad, kama barakta `ala Ibrahima wa ala aali Ibrahima innaka hameedum majeed.

Ang salin ng kahulugan sa Tagalog:

O Allah, pagpalain Mo po si Muhammad at ang pamilya ni Muhammad katulad ng pagpala Mo kay Ibrahim at sa pamilya ni Ibrahim; tunay na Ikaw ang kapuri-puri at ang Dakila. O Allah, biyayaan Mo po si Muhammad at ang pamilya ni Muhammad katulad ng pagbiyaya Mo kay Ibrahim at sa pamilya ni Ibrahim; tunay na Ikaw ang Kapuri-puri at ang Dakila.

Matapos bigkasin ang huling *tashahhud*, nararapat ding ipanalangin ang sumusunod:

Allahumma inni a'oodhu bika min `adhabi jahannama wa min `adhabil qabri wa min fitnatil mahya wal mamati wa min fitnatil maseehid dajjal.

Ang salin ng kahulugan sa Tagalog:

O Allah, ako po ay nagpapakupokop sa Iyo laban sa pasakit sa Impiyrno at pasakit sa libingan, at sa pagsubok sa buhay at sa kamatayan, at sa tukso ng Bulaang Kristo. Pagkaraan nito.

Pagkatapos nito ay maaari na siyang manalangin at humiling kay Allah ng anumang naisin niya at mas lalong mainam kung gagamitin niyang panalangin ay ang katulad ng sa Propeta Muhammad (SAS):

Allahumma a'inni ala dhikrika wa shukrika wa husni ibadatik. Allahumma inni dhalamtu nafsi dhulman katheeran, wa la yaghfirudh dhunuba illa anta, faghfir li maghfiratan min indak, innaka antal ghafoorur raheem.

Ang salin ng kahulugan sa Tagalog:

O Allah, tulungan Mo po ako sa pag-alaala sa Iyo at sa pagpapasalamat sa Iyo at sa pagpapabuti ng aking pagsamba sa Iyo. O Allah, ako po ay nakagawa ng maraming pagkakasala sa aking sarili at walang nagpapatawad walang nagpapatawad ng mga kasalanan kundi Ikaw kaya igawad Mo po sa akin ang kapatawarang buhat

sa Iyo; tunay na Ikaw ang mapagpatawad at ang Maawain.

IKASAMPUNG ARALIN

Sa pagsasagawa ng salah, may mga *sunnah* na dapat alamin:

1. Ang pagbigkas ng *du`a al-istiftah*;
2. Ang paglagay ng mga kamay sa dibdib; ang kanang kamay ay nakapatong sa kaliwang kamay habang nasa nakatayong posisyon;
3. Ang pagtaas ng mga kamay hanggang sa balikat o malapit sa tainga na ang mga daliri ay magkakadikit habang nagsasabi ng **allahu akbar** kapag sinisimulan ang salah, kapag magsasagawa ng *ruku*, kapag bumabalik sa pagkakatayo pagkatapos magsagawa ng *ruku*, at kapag tatayo para simulan ang ikatlong yunit ng salah;
4. Ang pagsabi ng **subhana rabbiyal `adheem** at **subhana rabbiyal a`la** nang higit sa isang beses habang nasa posisyong *ruku* at *sujud*;
5. Ang pagsabi ng **rabbighfir li warhamni wahdini warzuqni wa`afini wajburni** (o aking Panginoon, patawarin Mo po ako; kahabagan Mo ako; patnubayan Mo po ako; at pagalingin Mo po ako.) nang higit sa isang beses sa pagitan ng dalawang *sujud*;

6. Ang pagyukong ang ulo at likuran ay nasa pantay na posisyon. Ito ang tamang posisyon ng *ruku*;
7. Habang nasa posisyong *sujud* (pagpapatirapa), ang mga braso ay hindi dapat nakadikit sa tagiliran at ang dibdib ay hindi dapat nakadikit sa mga hita o nakadikit ang mga hita sa mga binti;
8. Ang pagtaas ng mga braso habang nasa *sujud* na posisyon;
9. Ang pananalangin (*tashahhud*) para kay Propeta Muhammad (SAS) at sa kanyang pamilya at para kay Propeta Ibrahim at sa kanyang pamilya (ang huling *tashahhud* ang siyang tinutukoy rito);
10. Ang may tunog na pagsasagawa ng salah sa *fajr*, *maghrib*, at *isha*.
11. Ang pag-upo sa pagitan ng dalawang *sujud* na ang kaliwang pigi ay nakapatong sa kaliwang paa (na nakahiga) habang ang kanang paa ay nakatukod at ang mga daliri nito ay nakasayad sa lapag (sahig o lupa);
12. Ang pag-upo ng upong tinatawag na *tawarruk* habang binibigkas ang buong *tashahhud*. Ang pag-upong ito ay ganito: nakatukod ang kanang paa, nakalagay ang kaliwang paa sa ilalim ng kanang paa sa ilalim ng kanang binti, at nakadiit sa lapag ang kanang pigi.

13. Ang tahimik na pagbigkas ng *du`a* pagkatapos ng huling *tashahhud*,
14. Ang tahimik na pagsasagawa ng salah sa *dhuhr*, sa *`asr*, sa huling *rak`ah* ng maghrib, at sa huling dalawang *rak`ah* ng *`isha*; at
15. Ang pagbigkas ng mga piniling talata ng Banal na Quran pagkatapos bigkasin ang *Al-Fatiha*.

IKALABING-ISANG ARALIN

Ang pagkawala ng bisa ng salah

Ang anumang salah ay nawawalan ng bisa kapag ang alin man sa mga sumusunod ay nagawa:

1. Pagsasalita nang sadya,
2. Pagtawa,
3. Pagkain habang nagsasagawa ng salah,
4. Pag-inom habang nagsasagawa ng salah,
5. Pag-alis ng mga kasuotan sa katawan na ipinagbabawal na alisin habang nagsasagawa ng salah,
6. Pagkakalihis nang labis sa direksiyon ng *qiblah*,
7. Walang dahilang labis na galaw na walang kinalaman sa salah, at
8. Pagkawala ng *wudu*.

IKALABINDALAWANG ARALIN

Ang sampung kondisyon sa pagsasagawa ng *wudu*:

1. Islam (Kailangang ang magsasagawa ng *wudu* ay isang Muslim),
2. Sapat na pag-iisip,
3. Tamang gulang,
4. & 5. Ang intensiyon (*niyah*) at ang pagsasagawa nito nang tuloy-tuloy (Hindi dapat pahinto-hinto ang pagsasagawa ng *wudu*),
6. Pagsagawa ng *istinjah* (paglilinis ng mga maseselang bahagi ng katawan sa pamamagitan ng tubig) o ng *istijmar* (paglilinis ng mga maselang bahagi ng katawan sa pamamagitan ng bato o papel o dahon) bago magsagawa ng *wudu*,
7. Ang tubig na dapat gamitin ay kailangang malinis at *mubah* (hindi ninakaw o kinuha ng sapilitan sa iba),
8. Ang pag-alis ng lahat ng bagay na sagabal sa pagpasok ng tubig sa bahagi ng katawan na kailang ang *wudu*,
9. Ang mga palagiang nawawalan ng bisa ang kanilang *wudu* (sanhi ng pag-utot, pag-hi, o ano pa mang nakakapagpawalang bisa *wudu*) ay kailangang magsagawa nito sa tuwing bago magsasagawa ng salah, at

10. Ang paglitaw ng iba pang dahilan na nangangailangan ng pagsasagawa ng wudu (gaya ng pag-ihi, pagdumi, pagtulog at pagkain ng karne ng kamelyo).

IKALABINTATLONG ARALIN

Ang *fard* (obligadong gawain) sa pagsasagawa ng *wudu*:

1. Ang paghugas ng mukha kasama na rito ang paglilinis ng bibig sa pamamagitan ng tubig at ang paglilinis ng loob ng ilong,
2. Ang paghugas ng dalawang kamay hanggang lagpas siko,
3. Ang paghaplos ng kamay na basa sa ulo kasama ang tainga,
4. Ang paghugas ng dalawang paa kasama na ang mga sakong, at
5. Ang pagsasagawa ng *wudu* ayon sa itinakdang pagkakasunod-sunod na walang pag-aantala.

IKALABING-APAT NA ARALIN

Ang anim na bagay na nakapagpapawalang-bisa sa *wudu*:

1. Ang pag-ihi, pagdumi, at paglabas ng hangin;
2. Ang sobrang paglabas ng anumang maruming bagay mula sa katawan;

3. Ang pagkawala ng kamalayan sanhi ng pagkatulog o pagkawala ng ulirat;
4. Ang pagkain ng karneng kamelyo (sapagkat iniutos ni Propeta Muhammad (SAS) na magsagawa ng *wudu* matapos na kumain nito);
5. Ang pagtalikod o pag-lisan sa Islam; at
6. Ang paghawak sa maselang bahagi ng katawan (na walang nakatakip o damit)

Paalala: Ang paghugas ng patay ay hindi nakawawala ng bisa ng *wudu* maliban kung ang naghuhugas ng patay ay humawak sa maselang bahagi ng katawan ng patay. Ang paghalik sa babae nang may pagnanasa o walang pagnanasa ay hindi nakasisira ng *wudu* sapagkat si Propeta Muhammad (SAS) ay minsang humalik sa isa niyang asawa at pagkatapos nito ay nagsagawa ng salah na hindi nagsagawa ng *wudu*. Ang *wudu* ay may bisa hanggang walang lumalabas sa ari na likidong sanhi ng pagnanasang seksuwal. Tungkol naman sa sinabi ni Allah, Ang Maluwalhati: "*O kayo ay humawak ng mga babae*" (4:43), ang ibig sabihin ng "*humawak ng babae*" sa talatang ito ay ang aktuwal na pakikipagtalik sa babae tulad ng pagsasalaysay ni Ibn Abbas at iba pa at ito ang tamang opinyon.

IKA-LABINLIMANG ARALIN

Ang mga sumusunod ay ang mga itinatagubiling mabuting asal para sa mga Muslim:

Pagiging makatotohanan, Katapatan, Pagiging kagalang-galang (sa kilos, at pananalita), Katapangan, Pagiging mapagbigay, pag-iwas at pagtalikod sa lahat ng bagay na ipinagbabawal ni Allah, Pagiging mabuting kapitbahay, Pagiging matulungin sa mga nangangailangan, at iba pang mga kabutihang asal na nakasaad sa Banal na Qur'an at sa Hadith ni Propeta Muhammad (SAS).

IKALABING-ANIM NA ARALIN

Ang mga sumusunod ay ang mga itinatagubiling magandang asal para sa mga Muslim:

1. Ang pagbati sa pamamagitan ng pagsabi ng *assalamu alaykum*;
2. Ang pagkamasayahin;
3. Ang paggamit ng kanang kamay sa pagkain at pag-inom;
4. Ang pagsunod sa mga alituntunin sa mga alituntuning pang-Islam kapag papasok at lalabas sa bahay, masjid, at kapag naglalakbay;
5. Ang pagiging mabuti sa pakikitungo sa mga magulang, mga kamag-anakan, mga kapitbahay, mga matatanda, at mga nakababata;
6. Pagbati (sa natamong tagumpay ng kapwa);
7. Pakikiramay (sa dalamhati ng iba);

- 8. At iba pang magagandang asal na itinuturo ng Islam.

IKALABIMPITONG ARALIN

Ang pagbabala laban sa *Shirk* at laban sa masamang gawaing katulad ng pangungulam (mahika o karunungan itim,), pagpatay, paggamit ng salapi ng mga ulila, *riba* (pagpapatubo sa utang), pag-iwas sa panahon ng Jihad, pag-aakusa ng masama sa mga mararangal na babae, pagsuway sa mga magulang, pakikipag-away sa mga kamag-anakan, pagsaksi sa walang katotohanan, pananakit o pamiminsala sa kapitbahay, pakikipagkagalit sa kapwa, at iba pang babala na ipinahayag ni Allah at ng Kanyang Sugo (SAS).

IKALABINGWALONG ARALIN

Ang paghugas sa katawan ng patay at pagsasagawa ng salah para sa patay (*salatul janazah*):

A. Ang Pagpapaligo sa Patay

1. Kapag ang isang Muslim ay napatunayang patay na, kailangang ipikit ang mga mata nito at isara ang bibig nito.

2. Sa paglilinis ng katawan ng patay, ang buong katawan simula sa bahagi ng katawan na hinuhugasan sa *wudu* ay kailangang hugasan. Ang tiyan ay marahang idinidiin at sinusundan ng paghugas ng puwit at ng maselang bahagi ng katawan sa pamamagitan ng basang tela. Pagkatapos nito ay gagawan ng pangkaraniwang *wudu* ang patay. Ang katawan ay hinuhugasan simula sa ulo at balbas sa pamamagitan ng tubig na may halong dahon ng *sidr* (lotus kung mayroon nito). Ang kanang bahagi ng katawan ang kailangang unang hugasan bago ang kaliwang bahagi ng katawan at huhugasan ito ng tigtatatlong beses Katulad ng nabanggit sa itaas, ang tiyan ay dapat na idiin. Ang bigote at ang mga kuko ay dapat gupitin. Kung ang katawan ay malinis na, ito ay binabalot sa tatlong puting tela na nakatago ang lahat ng bahagi ng katawan at pinapabanguhan ng insenso. Kung sakaling ang katawan ng patay ay hindi pa malinis, ang paghuhugas sa kanya ay kailangang gawing lima hanggang pitong beses at pagkaraan tapos nito ay patutuyuin ito sa pamamagitan ng pagpupunas ng malinis na tela. Ang buhok ng lalaki ay hindi dapat suklayin samantalang ang buhok ng babae ay dapat na itarintas sa tatlong bahagi at hayaang nakababa sa kanyang likuran.

• 3. Mas mainam na ibalot ang lalaki sa tatlong puting tela na walang panloob ng damit o takip sa ulo (*amamah*); ang mga bata ay ibalot sa isa hanggang sa tatlong tela; at ang babae naman ay sa limang tela: (1) *Dir*: isang maluwang na panlabas na kasuotan na may manggas, (2) *Khimar*: panakip sa ulo at mukha, (3) *Izar*: isang tela na ipinantatapis sa baywang nito, at (4) dalawang malalapad na telang pambalot sa buong katawan. Ang mga batang babae ay maaaring balutin na nakadamit at sa dalawang tela.

4. Ang may karapatan upang hugasan o linisin ang lalaki ay ang taong pinagbilinan niya (kung mayroon man) at ang mga sumusunod ayon sa pagkakasunod-sunod: ang kanyang ama, ang kanyang lolo, ang kanyang pinakamalapit na kamag-anak. Mas mainam na ang babaeng patay ay paliguan ng napili niya (kung bago siya namatay ay may napili siya) at ng mga sumunod ayon sa pagkakasunod-sunod: ang kanyang ina o ang kanyang lola, at ang alin man sa pinakamalapit niyang kamag-anakang babae. Ang asawang lalaki ay maaaring magpaligo sa kanyang asawa at ang asawang babae ay maaari ring magpaligo sa katawan ng kanyang asawa sapagkat noong mamatay si Abu Bakr (RA) ay pinaliguan siya ng kanyang asawa at si Ali bin Abi

Talib (RA) ang nagpaligo noong namatay ang kanyang asawang si Fatima (RA).

B. Ang pagsasagawa ng salah para sa patay (*salatul janazah*)

1. Ang ang *takbeer* o ang pagsabi ng "*Allahu Akbar*" ay bibigkasin nang apat na beses sa salah na ito.

2. Binibigkas nang tahimik ang *Al-Fatihah* pagkatapos ng unang *takbeer*.

3. Pagkatapos ng *Al-Fatihah* ay binibigkas ang ikalawang *takbeer* at saka binibigkas nang tahimik ang panalangin para kay Propeta Muhammad (SAS) katulad ng sa *tashahhud*.

4. Pagkatapos ng panalangin para sa Propeta ay binibigkas ang ikatlong *takbeer* at saka binibigkas ang mga karaniwang idinadalangin para sa patay gaya halimbawa ng paghingi ng kapatawaran para sa lahat ng Muslim o anumang *du'a* na nalalaman lalong-lalo na ang katulad nito:

Allahum maghfir li hayyina wa mayyitina, wa shahidina wa gha'ibina, wa saghirina wa kabirina, wa dhakarina wa unthana. Allhumma man ahyaytahu minna fa ahyihi alal Islam, wa man tawaffaytahu minna fa tawwaffahu alal Iman. Allahumma la tahrinna ajrahu, wa la taftina ba'dah.

O Allah, patawarin Mo po ang mga nabubuhay sa amin at ang mga namatay na sa amin, at mga naririto ngayon sa amin at ang mga wala ngayon sa amin, at ang mga bata sa amin at ang mga matatanda sa amin, at ang mga lalaki sa amin at ang mga babae sa amin. O Allah, ang sinumang hinayaan Mo pang mabuhay sa amin, pamuhayin Mo po siya sa Islam; at ang sinumang babawain Mo ng buhay sa amin, bawian Mo po siya ng buhay na isang mananampalataya. O Allah, huwag Mo po kaming pagkaitan ng bahagi sa kanyang gantimpala at huwag Mo po kaming ilagay sa pagsubok matapos na siya ay yumao.

Allahummaghfir lahu warhamhu, wa'afihi wa'fu anhu wa akrim nuzulahu, wa wassi' madkahlahu, waghsilhu bil ma'i wathalii walbarad, wa naqqihi minadh dhunubi wal khataya, kama yunaqqath thawbul abyadu minad danas, wa abdilhu daran khairam min darihi, wa ahlan khairam min ahlihi, wa adkhillul jannah, wa 'a'idh-hu min adhabilqabr wa adhabi an nar, wafsa lahu fi qabrihi wanawwir lahu fihi. Allahuma la tahrinna ajrahu, wa la tudlilna ba'dahu.

O Allah, patawarin Mo po siya at kaawaan Mo po siya; pangalagaan Mo po siya at pagpaumanhinan

Mo po siya; tanggapin Mo po siya ng may karangalan at gawin Mo pong maluwang ang kanyang libingan; linisin Mo po siya sa pamamagitan ng tubig, yelo at niyebe at linisin Mo po siya mula sa mga kasalanan at mga kamalian katulad ng kalinisan ng puting damit mula sa marumi; bigyan Mo po siya ng tahanang mas mainam pa sa dati niyang tahanan at kasamang mas mainam pa sa dati niyang kasama. Papasukin Mo po siya sa paraiso at kupkupin Mo po siya mula sa pasakit sa libingan at pasakit sa Impiyerno. Palawakin Mo po ang kanyang libingan at bigyan Mo po ito ng liwanag. O Allah, huwag Mo po kaming pagkaitan ng bahagi sa kanyang gantimpala at huwag Mo pong itulot na kami ay maligaw matapos na siya ay yumao.

5. Pagkatapos nito ay sabihin ang *takbeer* sa ika-apat na pagkakataon at saka lumingon kanan habang sinasabi ang "*assalamu alaykum*." Dito nagtatapos ang *salatul janaza*.

Mas mainam na itaas ang mga kamay habang sinasabi ng "*Allahu Akbar*."

Kung ang namatay ay isang sanggol o bata ang *du'a* na mainam para rito ay ganito:

Allahuma maj`alhu dhikran liwalidayhi wa shafi`an mujaban. Allahumma thaqqil bihi

wa alhiqhu bisalihil mu'mieein, waj`alhu fi kafalati Ibrahim alayhis salam, wa qihi bi rahmatika adhabal jahim.

O, Allah, gawin Mo po siya na isang paunang gantimpala at isang laang yaman (sa araw ng Paghuhukom) para sa kanyang mga magulang at isang tagapamagitan na pakikinggan. O Allah, pabigatin Mo po ang timbangan (ng mabuting gawa) ng kanyang mga magulang sa pamamagitan niya, palakihin Mo po ang kanilang mga gantimpala sa pamamagitan niya, isama Mo po siya sa matutuwid na mga mananampalataya at ilagay Mo po siya sa pangangalaga ni Ibrahim (AS); at pangalagaan Mo po siya sa pamamagitan ng Iyong awa laban sa pasakit ng nagliliyab na Apoy.

Ang Puwesto ng Imam sa Pagsasagawa ng Salat ul Janazah

Kung lalaki ang namatay isang tradisyon para sa imam na tumayo sa tabi ng kaliwang bahagi ng ulo ng patay. At kung ito ay babae, ang imam ay tatayo sa gitna ng kaliwang bahagi ng katawan nito. Kung sama-sama sa isang *salatul janazah* ang patay na mga lalaki, mga babae, at mga bata (babae at lalaki), ganito ang pag-aayos na gagawin:

Ang mga bangkay na lalaki ay nasa harapan ng *imam*. Ang mga batang lalaki ay nasa kanan ng mga kalalakihan. Ang mga babae ay nasa kanan ng mga batang lalaki. Ang mga batang babae ay nasa kanan ng mga babae. Ang mga batang lalaki ay ilalagay na mas malapit sa mga lalaki kaysa mga babae. (Lahat ng bangkay ay nakalapag na nakapahalang sa hanay ng mga nagsasagawa ng *salatul janazah*.) Ang mga bangkay ay isinaayos na ang ulo ng batang lalaki ay nakatapat sa ulo ng lalaki samantalang ang gitnang bahagi ng katawan ng babae ay nakatapat sa ulo ng lalaki. Ang ulo ng batang babae ay nakatapat sa ulo ng babae. Ang mga tagasunod ng *imam* ay nakatayo sa kanyang likuran katulad ng sa pangkaraniwang salah. Maaari ding tumabi sa kanan ng *imam* kung wala nang matagpuang lugar sa likod ng *imam*.

Ang pagpupri ay nauukol kay Allah; naway igawad ni Allah ang kanyang mga pagpapala at kapayapaan sa Kanyang Propeta at sa pamilya at mga kasamahan niya.

Para sa anumang puna o mungkahi tungkol sa aklat na ito, mangyaring sumulat po lamang kay:
***Dr. Saleh As-Saleh, Islamic Guidance Center,
P.O. Box 142, Buraidah, Saudi Arabia.***



مؤسسة عبدالعزيز بن باز الخيرية

الرؤية

أن تكون مؤسسة عبد العزيز بن باز الخيرية المصدر الأول والمعتمد للميراث العلمي
لسماحة الشيخ عبد العزيز بن باز - رحمه الله - في أنحاء العالم ، ومنبراً للمنهج الوسطي .

الرسالة

مؤسسة علمية دعوية ، تنفذ أعمالها بصورة احترافية ، لخدمة ونشر ميراث سماحة الشيخ
عبد العزيز بن باز - رحمه الله - العلمي ، ومنهجة الوسطي ، ومضامينه ، وتوسيع دائرة الإفادة منه

الأهداف :

- استكمال قاعدة المعلومات الشاملة لسماحة الشيخ - رحمه الله - وما قيل أو أثر عنه .
- خدمة الإرث العلمي لسماحة الشيخ - رحمه الله - ليخرج بمواصفات قياسية وجود عالية .
- نشر الإرث العلمي لسماحة الشيخ - رحمه الله - وإخراجه بصيغ متعددة ولغات مختلفة .
- منح أذونات الطباعة والنشر للإرث العلمي لسماحة الشيخ - رحمه الله - فيما يتعلق بحقوق المؤلف .
- متابعة استكمال منح الأذونات في الجانب العلمي من إدارة البحوث العلمية والإفتاء .
- إعداد ودعم البرامج والجهات التي تخدم علم سماحة الشيخ - رحمه الله - ومنهجه وتوسيع دائرة الإفادة منه .
- إعداد ودعم الدراسات والبرامج التي تهدف إلى تعميق منهج الوسطية والاعتدال .
- المشاركة في برامج توعية وتأهيل وتدريب أفراد المجتمعات على المضامين التي تدخل في دائرة رؤية المؤسسة ورسالتها وأهدافها .
- توفير الموارد البشرية والمالية اللازمة لتنفيذ أهداف المؤسسة .
- وضع مآيرد للمؤسسات من هبات أو تبرعات أو وصايا في مصارفها الشرعية ضمن أنشطتها المعتمدة .

هاتف : ٩٦٦ ٤٦٠٠٠٠ + ٩٦٦ ٤٦٠٠٠٠ فاكس : ٩٦٦ ٤٦٠٠٠٠

الملكة العربية السعودية

ص ب ٢٤١٩١٩ الرياض ١١٢٣٣

مواقع سماحة الشيخ :

www.binbaz.org.sa

موقعنا على الانترنت :

www@binbazfoundation.org

البريد الإلكتروني :

info@binbazfoundation.org